

Ano ang Kailangan  
Mong Malaman  
Pagkatapos  
Mabakunahan  
ng Bakunang  
Pfizer-BioNTech  
COVID-19



**NYC VACCINE FOR ALL:  
SAFE, FREE, EASY**

[nyc.gov/covidvaccine](https://nyc.gov/covidvaccine)

## **Bago umalis sa lugar ng pagpapabakuna:**

- Kung ito ang una mong bakuna, magpa-appointment upang mabakunahan sa ikalawa. Dapat kang mabakunahan sa ikalawa sa parehong lugar na nabakunahan ka sa una. Dapat mong gawin ang ikalawang dosis na appointment 21 hanggang 42 araw pagkatapos ng una mong dosis.
- Siguruhing kumuha ng card sa pagpapabakuna. Sasabihin nito kung aling bakuna ang ibinakuna sa iyo at ang petsa na tinanggap mo ito. Dalhin ang card na ito sa iyong ikalawang dosis na appointment at tingnan na ito ay na-update upang ipakita ang dalawang dosis.

## **Ano ang mga masamang epekto ng bakuna?**

Ang mga karaniwang masamang epekto ay pamamaga o pamimintog sa braso kung saan ka nabakunahan, sakit sa ulo, mga pananakit sa katawan, pagkapagod at lagnat. Ang mga masamang epekto ay mas karaniwan pagkatapos ng ikalawang bakuna at hindi ganoong karaniwan sa mga mas matandang adulto. Kadalasan ang mga masamang epekto:

- Ay mahinahon hanggang katamtaman
- Nagsisimula sa loob ng unang tatlong araw pagkatapos ng pagpapabakuna (ang araw pagkatapos ng pagpapabakuna ay ang pinakakaraniwan)
- Tumatagal ng halos isa hanggang dalawang araw pagkatapos na magsimula sila

## **Ano ang dapat kong gawin kung may mga masamang epekto ako?**

Tumawag sa iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan kung may mga masamang epekto ka na ikinababahala mo o hindi nawawala pagkatapos ng ilang araw, o kung lumalala ang pamumula o pamamaga kung saan ka binakunahan pagkatapos ng 24 na oras. Kausapin ang iyong tagapagkaloob tungkol sa pag-inom ng over-the-counter na gamot, tulad ng acetaminophen (Tylenol) o ibuprofen (Advil).

● ● ●

**Magpabakuna sa ikalawang dosis kahit na may mga masamang epekto ka pagkatapos ng unang dosis, malibang sabihin ka ng iyong tagapagkaloob na huwag.**

● ● ●

Iulat ang mga masamang epekto sa pamamagitan ng V-safe smartphone app ng mga Sentro sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit (Centers for Disease Control and Prevention, CDC). Upang malaman pa at i-download ang app, bisitahin ang **[vsafe.cdc.gov](https://vsafe.cdc.gov)**. Maaari mo ring iulat ang mga masamang epekto sa Sistema ng Pag-uulat sa Masamang Kaganapan sa Bakuna (Vaccine Adverse Event Reporting System, VAERS), na pinangangasiwaan ng CDC at Food and Drug Administration. Maaaring gawin ang mga ulat sa **[vaers.hhs.gov/reportevent.html](https://vaers.hhs.gov/reportevent.html)** o sa pamamagitan ng pagtawag sa 800-822-7967. Ang impormasyon na iulat mo ay pananatiliing kumpidensiyal.

### **Posible ba na magkaroon ng allergic na reaksiyon sa bakuna?**

Ang mga allergic na reaksiyon ay hindi karaniwan at pangkalahatang nagsisimula sa loob ng ilang minuto hanggang isang oras pagkatapos mabakunahan. Kasama sa mga senyales ng malalang allergic na reaksiyon ang kahirapan sa paghinga, pamamaga ng iyong mukha at lalamunan, mabilis na tibok ng puso, pamamantal sa buong katawan, pagkahilo at panghihina. Kung sa palagay mo nagkakaroon ka ng malalang allergic na reaksiyon, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na ospital.

### **Ang ikalawang dosis ba ay kailangang parehong uri ng bakuna tulad ng aking unang dosis?**

Oo. Yamang nabakunahan ka sa bakunang Pfizer, ang iyong ikalawang dosis ay dapat ding bakunang Pfizer.

### **Paano kung hindi ako makapunta sa aking ikalawang dosis na appointment?**

Dapat mong muling ipaiskedyul ang iyong appointment sa lalong madaling panahong maaari pagkatapos. Magpabakuna sa iyong ikalawang dosis gaano man katagal ang panahon simula ng mabakunahan ka sa unang dosis.

## **Kailan nagsisimulang gumana ang bakuna?**


Habang nakakukuha ka ng ilang proteksiyon pagkatapos ng unang dosis, ang bakuna ay mas lalong epektibo pagkatapos ng dalawang dosis. Hindi ka magkakaroon ng ganap na proteksiyon mula sa bakuna hanggang lumipas ang hanggang dalawang linggo pagkatapos ng iyong ikalawang dosis.

## **Maaari ko bang itigil ang mga pag-iingat sa COVID-19 pagkatapos kong mabakunahan?**

Hindi. Dapat mo pa ring gawin ang mga hakbangin sa pag-iwas pagkatapos ng pagpapabakuna:

- Manatili sa bahay kung may sakit ka.
- Manatiling nakalayo ng hindi bababa sa 6 feet mula sa iba.
- Magsuot ng pantakip sa mukha.
- Hugasan ang mga kamay mo at madalas gumamit ng hand sanitizer.

Bagaman naipakita na ang bakunang Pfizer ay nagpoprotekta sa mga tao mula sa COVID-19, kailangan nating malaman pa kung gaano tumatagal ang proteksiyon at kung iniwasan ng bakuna ang pagkahawa.



## **Sisingilin ba ako sa bakuna o pagbisita sa pangangalagang pangkalusugan?**

Hindi. Maaaring singilin ang iyong insurance, pero hindi ka sisingilin sa copay o anumang iba pang bayarin para sa bakuna.

## **Napoprotektahan ba ang aking personal na impormasyon?**

Kumpidensiyal at napoprotektahan ang iyong personal na impormasyon. Ang mga batayang impormasyon tungkol sa iyo (tulad ng iyong pangalan, address, numero ng telepono, petsa ng kapanganakan, lahit at etnisidad, petsa ng pagpapabakuna, at bakuna na tinanggap) ay ibabahagi sa Kagawaran ng Kalusugan at Kalinisan ng Isip ng Lungsod ng New York (Kagawaran ng Kalusugan ng NYC) tulad ng kinakailangan ng batas.

## **Paano kung may iba pa akong tanong?**

Maaari mong tawagan ang iyong tagapagkaloob o **311**.

# Saan Ako Makakakuha ng Higit Pang Impormasyon?



**Kagawaran ng Kalusugan ng NYC:**  
[nyc.gov/covidvaccine](https://nyc.gov/covidvaccine)

**Kagawaran ng Kalusugan  
ng Estado ng New York:**  
[covid19vaccine.health.ny.gov](https://covid19vaccine.health.ny.gov)

**CDC:**  
[cdc.gov/covidvaccine](https://cdc.gov/covidvaccine)



Maaaring baguhin ng Kagawaran ng Kalusugan ng NYC  
ang mga rekomendasyon habang nagbabago ang  
sitwasyon. **3.8.21**